Paglilingkod

Gabay sa Talakayan

Ang pinakamabisang bahagi ng pagsasanay ay nangyayari kapag pinag-isipan ninyong mabuti, at nagbahagi at nagpatotoo kayo tungkol sa inyong naririnig at nadadama. Mangyayari ito kapag binigyang-inspirasyon at tinuruan kayo ng Espiritu Santo kung paano gamitin ang tagubilin sa sarili ninyong mga sitwasyon. Isiping gamitin ang mga tanong na gaya ng mga sumusunod para makapaghikayat ng talakayan tungkol sa paglilingkod ng priesthood.

PARA SA INYONG PAMILYA

- Ano ang ibig sabihin ng maglingkod?
- Anong mga halimbawa sa mga banal na kasulatan ang naiisip ninyo na naglingkod ang Tagapagligtas sa iba?
- Paano napagpapala ng paglilingkod ng mga lider ng priesthood ang inyong pamilya?
- Ano ang mga pagkakataon ng inyong pamilya para maglingkod sa iba?

PARA SA INYONG TUNGKULIN

- Anong mga alituntunin ang natutuhan ninyo kina Elder Christensen at Elder Clayton na makakatulong sa inyo para maging mas epektibo sa paglilingkod?
- Anong mga karanasaan ang nakapagtuturo sa inyo ng kapangyarihan ng paglilingkod ng priesthood?
- Tinukoy ni Elder Clayton ang pangako ng Panginoon sa Doktrina at mga Tipan 84:88. Paano ninyo nakikitang natupad ang pangakong ito sa mga pagsisikap ninyong maglingkod sa iba?
- Sino ang kilala ninyo na maaaring makinabang sa ganitong uri ng paglilingkod?
- Ano ang magagawa ninyo para tulungan silang madama ang pagmamahal ng Tagapagligtas?

PARA SA KARAGDAGANG PAG-AARAL: Mateo 20:25–28; 3 Nephi 18:30–32; Moroni 6:4; Thomas S. Monson, "Sa Pagsaklolo," pangkalahatang kumperensya ng Abr. 2001